Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 6, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**W A L A**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 18-07-177

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAMILYA NG YUMAONG GNG. SALUD CONTRERAS FAMILARA NG BARANGAY POBLACION**

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Gng. Salud Contreras Familara ng Barangay Poblacion noong ika-5 ng Hulyo, taong kasalukuyan dahil sa sakit ay nagdulot ng kalungkutan at pangungulila sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan;

"**SAPAGKAT,** si Tiya Salud na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ay napabilang sa isang prominenteng pamilya, may kayang angkan sa Bayan ng Bulalacao at kilala sa larangan ng pulitika dahil na rin sa kanyang asawa na si Konsehal Senen C. Familara na naglingkod sa Bayan ng mahabang panahon;

"**SAPAGKAT,** sa kabila ng kanilang magandang estado sa buhay, si Tiya Salud ay *nanatiling simple, tahimik at napakabait na kaibigan at mamamayan,* isang ulirang asawa at ina at magiliw na ginampanan ang kanyang tungkulin sa tahanan na ang tanging pangarap sa buhay ay ang magkaroon ng isang masaya at buong pamilya;

"**SAPAGKAT,** sadyang masakit ang pagpanaw ng isang minamahal na nagdudulot ng masidhing kalungkutan at pighati subalit, para sa isang mananampalatayang kristiyano na may tiwala at pagmamahal sa Diyos, ang pagyao sa mundong ito ay hindi katapusan bagkus, isang simula ng maluwalhating buhay kapiling ang Diyos na siyang may likha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

2023.03.29 0

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pamilya ng yumaong Gng. Salud Contreras Familara ng Barangay Poblacion;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, magkasamang pinangalawahan nina SB Member Teresita S. Bantugan at SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY**": Hulyo 6, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 07-13-2018

PLP/pc

2023.03.2…

Scanned with CamScanner